TOMO 38 BILANG 7 BASAHIN AT TALAKAYIN HULYO 2018

KALATAS

*Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan*

EDITORYAL

# Sabwatang Duterte-Arroyo-Marcos, daan tungo sa isang pasistang paghahari

Nakapangingilabot ang surpresang hatid ni Duterte sa kanyang huling State of the Nation Address sa ganap na pagkalantad ng namumuong sabwatang Duterte-Arroyo-Marcos—isang alyansa ng pinakasadsaring pasista, korap at mandarambong ng bayan. Itinutulak ng panibagong pagkahinog ng krisis pampulitika ng naghaharing-uri si Duterte upang itatag ang isang pasistang kapangyarihan sa gitna ng lumalalang krisis pang-ekonomya at lumalakas na pakikibaka ng mamamayan. Nakatudla ngayon ang konsolidasyon ng pasistang kapangyarihan ni Duterte tungo sa paglikha ng isang ganap na diktadura sa namumuong sabwatang Duterte-Arroyo-Marcos.

Sa kasalukuyan, kapwa pinakikinabangan nina Duterte at Arroyo ang kanilang panibagong alyansa para sa higit na pagkokonsolida ni Duterte sa kanyang kontrol sa reaksyunaryong gubyerno kasabay ng muling pagbabalik sa kapangyarihan ni Arroyo. Kung tutuusin, nawala man sa estado-poder si Arroyo, hindi nawala ang mga naipundar niya sa reaksyunaryong gubyerno na nagpapanatili sa kanyang katayuan sa nabubulok na makinarya ng burukrasya sa bansa. Nakahanap si Arroyo ng isang maasahang tagasalba sa anyo ni Duterte na simula pagkaupo bilang pangulo noong 2016 ay nagbigay ng malalaking pabor sa kanyang pamilya kabilang na ang kanyang paglaya.

Sa desperasyon ni Duterte na itatag ang pasistang kapangyarihan sa bansa, tinatangkilik nya ang suporta nina Arroyo at pamilyang Marcos alang-alang sa interes ng imperyalistang among US na nasa tuktok ng lahat ng kanyang mga tusong anti-mamamayang pakana. Pinakikilos ng US ang lahat ng kanyang mga galamay upang konsolidahin ang pampulitikang kapangyarihan sa bansa habang kinakabig ni Duterte ang lahat ng pinakamaaasahan nitong alyado para suportahan ang kanyang pagkapit sa estado-poder. Sunud-sunod ang naganap na maniobrahan sa dalawang kapulungan ng Kongreso kahit sa pagitan mismo ng masusugid na tagasunod ni Duterte at mga alyado nito at maging sa Korte Suprema kung saan ganap na pinatalsik ang anti-Duterte na si Sereno.

Nakahanda na ring iratsada ng sabwatang Duterte-Arroyo-Marcos ang kanyang mga anti-mamamayang programa at patakaran. Sa kumpas ni Duterte, isinusulong na ngayon sa Kamara sa pangunguna ni Gloria Arroyo at sa Senado ang *package two* ng TRAIN Law at iba pang mga batas na nagtataguyod lamang sa liberalisasyon ng ekonomiya ng bansa kabilang ang pagpapalit-gamit ng lupa para akitin ang mga dayuhang mamumuhunan. Sa pangunguna ni Arroyo, nakahanda na si Duterte na isakatuparan ang kanyang pakanang *charter change* tungong pederalismo upang ganap na mailuklok ang sarili bilang isang pasistang diktador at mabigyan ng walang taning na kapangyarihan tulad ng nagawa ni Marcos.

Para higit pang makapangunyapit sa poder, tusong lumalaro ngayon si Duterte sa nag-uumpugang mga bansang US at Tsina upang makaamot ng maliliit na konsesyon kapalit ng pagsuko at pagyurak sa soberanya ng bansa. Kasabay ng pagpapakatuta niya sa



# KALATAS

**HULYO 2018**
**Tomo 38 Bilang 7**

**NILALAMAN**

| | |
|---|---|
| 1 | *Editoryal* |
| 3 | *Ang madugong pamana ni Duterte* |
| 5 | *Localized peace talks ni Duterte, tiyak na mabibigo* |
| 6 | *1969-74: Panimulang paglalatag ng rebolusyonaryong kilusan at pagtatatag ng Partido sa TK* |
| 7 | *Sa SONA si Dutert: Nagbabadya ang seryosong bitak sa kampong Duterte at ibayong paglaban ng mamamayan sa buong bayan* |
| 9 | *Balita* |
| 10 | *Balitang TO* |
| 11 | *Bantay Karapatan* |
| 12 | *Kilos Protesta Kultura* |

Ang **KALATAS** ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng **Marxismo-Leninismo-Maoismo.** Inilalathala ito ng **Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.**

Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan.

Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:

st.kalatas@gmail.com
balikwastk.wordpress.com

imperyalismong among US, ganap naman nitong isinusuko sa Tsina ang teritoryal na integridad ng Pilipinas sa West Philippine Sea.

Bahagi din ng konsolidasyon ng pasistang kapangyarihan ng rehimeng US-Duterte ang pagpapaigting ng kanyang gera kontra-droga sa ilalim ng Oplan Tokhang at pagpapatuloy ng ibang pakanang tahasang lumalabag sa kalayaang sibil ng mamamayan tulad ng Oplan Tambay at National ID System. Sa ilalim naman ng Oplan Kapayapaan, pinaiigting ni Duterte ang kanyang *all-out war* laban sa mamamayan sa pagbibigay ng dagdag na pondo sa AFP at PNP. Higit na lumalawalak ang saklaw ng mga operasyong militar sa kanayunan sa kapinsalaan ng mamamayan. Umiigting din ang mga operasyong saywar kasabay ng pagpapakalat ng paparaming mga *fake news, black propaganda* at disimpormasyon sa pamamagitan ng mga pakana at palabas na pagpapasuko sa ilalim ng Enhanced Comprehensive Local Integration Program.

Tuluyan nang nalantad ang pagpapanggap ni Duterte na diumano'y 'para siya sa kapayapaan' sa tuluyan nitong pagsira sa usapang pangkapayapaan sa National Democratic Front of the Philippines. Ang kanyang pagpopostura bilang isang 'Kaliwa at sosyalistang' pangulo ay nalantad na bilang isang tagos-sa-butong reaksyunaryo at pasista na sumasakay lamang sa popular na kahilingan ng mamamayan upang linlangin ang bayan. Inilalako niya ngayon ang *localized peace talks* upang patuloy na ipagkait sa mamamayan ang panlipunang hustisya at isantabi ang pagbibigay kalutasan sa mga ugat ng armadong tunggalian sa bansa. Tiyak na pinapalakpakan ngayon si Duterte ng mga tulad nina Lorenzana, Esperon at Año na mga sagadsaring tuta ng imperyalismong US at pangunahing tagadiskaril ng usapan. Pinatunayan nitong ang ipinangangalandakan niyang 'tunay na kapayapaan' ay hindi para sa mga inaapi at pinagsasamantalahang anakpawis kundi para sa mga imperyalistang amo, malalaking burgesya kumprador at panginoong maylupa.

Ang sabwatang Duterte-Arroyo-Marcos ang higit na maglulugmok sa mamamayan sa alimpuyo ng walang-kaparis na kahirapan. Sa kabilang banda, higit nitong itutulak ang mamamayan upang paigtingin ang kanilang mga pakikibaka laban sa pasismo, at para kamtin ang hustisyang panlipunan, kalayaan at demokrasya. Ang maruming rekord ng mga nagdaang pasistang rehimen ng Marcos at Arroyo ay magpapalakas sa lumalawak na nagkakaisang prenteng anti-Duterte, anti-pasismo't imperyalismo at antipyudal. Dapat samantalahin ng mamamayan ang lumalalang pampulitikang krisis sa bansa na nasasalamin sa paglaki ng bitak sa hanay ng mga naghaharing-uri sa ilalim ng rehimeng US-Duterte upang higit na palawakin at palakasin ang pambansang nagkakaisang-prente para sa armadong pakikibaka at laban sa imperyalismo, pasismo at burukratang kapitalismo.

Higit na nagiging paborable ang kalagayan at mataba ang lupa para sa pagpapaigting ng armadong pakikibaka na magpapabagsak sa rehimeng US-Duterte. Tangan ang armadong pakikibaka bilang mapagpasyang sandata, ang lakas ng mamamayang hindi magagapi sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas ang siyang ganap na magpapabagsak sa pasista at tutang rehimeng nagtataguyod sa interes ng imperyalistang amo. Ang ibayong pagpupunyagi ng mamamayan sa demokratikong rebolusyong bayan ang magdudulot ng tunay na panlipunang pagbabago at ganap na tatapos sa paghahari ng imperyalismong US at mga lokal na naghaharing-uri sa Pilipinas. Sa pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan, makakamit ng mamamayan ang kanilang mga batayang karapatan at mga aspirasyong ibubunga ng isang sosyalistang lipunang kanilang itatag at pagyayamanin.

# Ang madugong pamana ni Duterte

Hindi hangad ng rehimeng US-Duterte na bigyang kalutasan ang ugat ng armadong tunggalian sa bansa. Tinalikuran ni Duterte ang ika-5 round ng usapang pangkapayapaan sa katotohanang hindi sya handa at ang GRP Peace Panel na pirmahan ang kasunduan sa dalawang seksyon ng Comprehensive Agreement on Socio-Economic Reforms — ang Agrarian Reform & Rural Development (ARRD) at National Industrialization and Economic Development (NIED). Nais lamang nilang bitagin sa kapitulasyon ang PKP-BHB-NDFP at pahinain ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa pamamagitan ng isang matagalang tigil-putukan. Hinahabol lamang nila ang isang *final peace agreement* na tutungo sa pagsuko ng mga rebolusyonaryong pwersa nang hindi tinutugunan ang mga usapin sa hustisyang panlipunan at makabuluhang repormang panlipunan at pampulitika. Dahil sa bigong pakanang ito ng rehimen, pinaigting nito ang pagsalakay ng pasistang AFP sa mga komunidad at lugar na may malakas na pakikibaka ang mamamayan.

Sa bisa ng Batas Militar ng rehimen, kalunus-lunos ang sinasapit ng mamamayan ng Mindanao sa ginagawang pagsalakay ng rehimen sa pagdedeploy dito ng 75% ng batalyong pangkombat ng Philippine Army.

Bagama't sa Mindanao lamang ipinataw ang Batas Militar, ibayong pinaiigting ng mersenaryong tropa ng rehimen ang pasistang karahasan sa Timog Katagalugan. Simula Enero, nagpapatuloy ang ginagawang pagkubkob ng AFP sa mga kanayunan na tinataya nilang base ng rebolusyonaryong kilusan sa tabing ng Peace and Development Teams (PDTs). Tampok dito ang mga lalawigan ng Quezon at Batangas sa mga hindi na nilubayan ng mersenaryong militar sa paglulunsad ng kaliwa't kanang operasyon.

Sa Quezon, masinsin ang operasyong kombat ng 80th IB sa Brgy. Umiray sa General Nakar mula noong Enero. Naghahasik sila ng matinding takot at teror sa mga residente laluna sa mga Dumagat at Remontado. Dahil dito, aabot na sa mahigit 200 pamilya ang lumikas sa lugar. Sa isang sityo ng Umiray, sa Sitio Dadiangao, tuluyan nang nilisan ng mga residente ang kanilang tirahan at kabuhayan sa lugar. Bukod dito, aabot na sa 250 pamilya ang apektado sa isinasagawang *food blockade* sa mga residente ng barangay. Bawat pamilya, limang kilo ng bigas kada linggo lamang ang pinahihintulutang maipasok sa lugar.



Samantala, sa South Quezon-Bondoc Peninsula, aabot sa 475 manggagawang bukid ng Hacienda Uy ang dumaranas ng matinding kahirapan at kagutuman nang pagbawalan sila ni Dr. Vicente Uy at mga armadong *goons* nitong magtanim sa loob ng apat na taon, bukod pa sa pagsasampa ng gawa-gawang kaso sa mga magsasaka ng asyenda. Bukod pa rito, dahil sa PDTs, pinagbabawalang pumunta ang mga magsasaka sa kanilang mga sakahan at mga nyugan para magkopra. Bahagi ang mga ito sa balak ng rehimeng gawing *power capital* ng bansa ang lalawigan para sa kanyang nakahanay na engrandeng proyektong imprastruktura sa ilalim ng Build, Build, Build. (Basahin ang regular na isyu ng Kalatas Hunyo 2018, "Quezon: Power capital ng malalaking burgesya kompradot at dayuhang mamumuhunan sa bansa")

Sa Batangas naman, nakaranas ang mamamayang Batangueño ng malawakang *strafing* at *aerial bombing* sa kanilang mga komunidad. Winasak din ng mga sundalo ang bakod ng kampuhan ng mga magsasaka sa Brgy. Laiya Aplaya sa San Juan. Hindi pa nasapatan sa ginawang pananakot at pandarahas, nagtangkang magtayo ang mga pasistang tropa ng istruktura ng kanilang himpilan sa mismong tabi ng kusina ng kampuhan. Nagpapatuloy pa rin hanggang sa kasalukuyan ang pagkakampo ng PNP, Air Force at Philippine Army sa mga komunidad ng lalawigan

Samantala, walang patid ang paglulunsad ng operasyong militar ng mersenaryong AFP-PNP-CAFGU sa mga bayan ng Brooke's Point at Bataraza

sa Palawan; sa mga bayan ng Sta. Cruz, Sablayan at San Jose sa Occidental Mindoro; at sa mga bayan ng Mansalay, Bongabong at Bansud sa Oriental Mindoro.

Bukod pa sa mga nabanggit, sa pamamagitan ng PDTs, inoobliga ng mga pasistang militar na regular na mag-ulat ang mamamayan ng mga komunidad sa kanilang mga kampo, laluna kung may mga bagong tao sa lugar. Nagsasagawa rin ito ng *census* sa mga komunidad na sinasaklaw ng kanilang mga operasyon. Ilan din sa mga pamamaraan nito ang *medical mission*, pagpapatupad ng mga proyektong *socio-civic* at iba pa upang kunin ang loob ng mamamayan at gamitin laban sa rebolusyonaryong kilusan at patahimikin ang kanilang pakikibaka para sa lehitimong karapatan.

Lalo pang malalagay sa panganib ang buhay ng mamamayan ng Timog Katagalugan sa pagdedeploy ng AFP ng mga bagong batalyon nito sa rehiyon. Samantala, ang buong batalyon ng kababalik na 1st IB mula Marawi ay inalis sa Hilagang Quezon at inilipat sa ilang bahagi ng Batangas. Sasaklawin din nito ang ilang bayan sa Quezon kung saan magtatayo ito ng kampo sa Brgy. Lakawan, Tayabas at mga laking platung detatsment sa mga barangay ng Liwayway at Balaybalay sa Mauban. Idineploy naman sa hangganang Quezon at Aurora ang 92nd IB sa ilalim ng 202nd Brigade.

Bukod sa nagpapatuloy na militarisasyon sa mga kanayunan, naging malaganap din ang inhustisya at impunidad sa gitna ng mga pamamaslang ni Duterte sa buong bansa sa ngalan ng kanyang kampanyang kontra-droga. Ginagamit nya ang DDS (Davao Death Squad) upang likidahin ang mga kilalang pulitikong diumano'y bahagi ng kanyang *narco-list*. Si Duterte ang pinakamalaking utak ng sindikato sa droga. Sa pamamagitan ng kanyang madugong kampanyang kontra-droga, itinutumba nya ang mga karibal sa negosyo upang masolo ng kanyang kapamilya't kaanak ang iligal na negosyo sa ipinagbabawal na gamot.

Ganito kadesperado si Duterte na durugin at gapiin ang mga kumakalaban sa kanya upang isakatuparan ang kanyang mga anti-mamamayan at anti-kaunlarang pakana alinsunod sa kagustuhan ng kanyang imperyalistang amo. Nasa numero-uno nyang listahan ang rebolusyonaryong kilusan at militanteng pakikibaka ng mamamayang Pilipino. Nang malabo na para sa kanyang pasukuin ang rebolusyonaryong pwersa sa pamamagitan ng usapang pangkapayapaan, ginamit nya ang kanyang todo-gyera laban sa rebolusyonaryong kilusan sa kapinsalaan ng milyun-milyong sibilyan. Walang ibang kahulugan ang kapayapaang nais nyang makamit kundi pagdanak lamang ng dugo ng masang anakpawis sa buong bansa.

Kasabay ng tumitinding pasismong inihahasik ng rehimeng US-Duterte sa buong bansa, kailangan ibayo pang ihanda at patatagin ang rebolusyonaryong baseng masa upang biguin ang halimaw na Oplan Kapayapaan ng rehimen na humahalihaw sa mga sibilyang komunidad. Patuloy na ilantad ang kalupitan at karahasan na ginagawa ng pasistang alagad ng rehimeng AFP-PNP-CAFGU sa malawak na hanay ng mamamayan. Higit sa lahat, lalo pang palakasin ng rebolusyonaryong kilusan at mamamayan ang sariling hanay at itutok sa rehimen ang mga baril hanggang sa ganap na mawakasan at maibagsak ang kanilang pasistang paghahari sa bansa.

**MGA LUGAR NA KINUKUBKOB NG PASISTANG MILITAR SA TABING NG PDTs MULA ENERO 2018**

*BATANGAS:*

District 1 at 4 ng Silangang Batangas
Mga bayan ng Nasugbu, San Juan, Rosario, Lobo at Taysan

*MINDORO:*

Occidental: 12 barangay sa mga bayan ng Abra de Ilog, Paluan, Sablayan at Calintaan

Oriental: Limang barangay sa mga bayan ng Victoria, Bulalacao at Puerto Galerra

*PALAWAN:*


17 barangay sa ,mga bayan ng Brooke's Point, Bataraza, Taytay, Dumaran at San Vicente

*QUEZON:*

19 barangay sa mga bayan ng General Luna, Lopez, Macalelon at General Nakar


*RIZAL:*

Apat na barangay sa mga bayan ng Rodriguez at Montalban, at syudad ng Antipolo



# Localized peace talks ni Duterte, tiyak na mabibigo!

Bibiguin ng mamamayan ang pakanang *localized peace talks* ng rehimeng US-Duterte at mga militaristang gabinete nito na lubusang sirain ang peace talks. Reaksyunaryo at sa saliga'y anti-mamamayan ang pakanang ito ng rehimen dahil wala itong intensyong lutasin ang panlipunang ugat ng armadong tunggalian sa bansa kundi ang ipagpatuloy ang kanyang kontra-rebolusyonaryong mga plano.




Sa paulit-ulit na pagkansela sa mga nakatakdang pormal na pag-uusap, pinatutunayan lamang ni Duterte ang sarili bilang isang pangulong kontra-kapayapaan at mapandigma sa kabila ng kanyang mga buladas at mga pagpapanggap. Sa mga naganap na *back channel talks* mula Mayo hanggang Hunyo sa pagitan ng magkabilang-panig, inabot ang makabuluhang mga pagsisikap upang muling ituloy ang pormal na pag-uusap na nakatakda sanang maganap noong Hunyo 28-30. Pangunahing lalamnin sana nito ang pagpirma sa isang Interim Peace Agreement (IPA) na sumasaklaw sa pagpapalaya ng mga NDFP-listed *political prisoners* alinsunod sa CARHRIHL at General Amnesty Proclamation, Agrarian Reform & Rural Development (ARRD) at National Industrialization & Economic Development (NIED) na pinakamahahalagang nilalaman ng CASER, at pagbubuo ng isang kasunduan sa pagkakaroon ng isang Coordinated Unilateral Ceasefire (CUC) sa pagitan ng GRP at NDFP. Sa katunayan, upang bigyan ng paborableng kondisyon ang pagtutuloy ng usapan, nakatakdang maglabas ng kautusan ang Partido Komunista ng Pilipinas sa rekomendasyon ng *negotiating panel* ng NDFP para sa isang linggong *stand down* ng lahat na mga yunit ng BHB sa buong bansa bago magsimula ang pormal na usapan.

Subalit interesado lamang si Duterte sa CUC at hindi sa unang dalawa pang kasunduan at arbitraryo nitong itinapon ang mga panimulang nakamit sa serye ng mga *back channel talks* at sa isang iglap kinansela nya ang nakatakdang pormal na usapan. Ito ay matapos ang panunulsol ng mga militaristang sina Delfin Lorenzana, Hermogenes Esperon, at Eduardo Año na pawang mga tuta ng imperyalismong US. Simula't sapul, sina Lorenzana, Esperon at Año ay tutol sa pagpasok ng GRP sa *peace talks* at paulit-ulit na nagbabato ng paninira laban sa NDFP, kay Chief Political Consultant Jose Maria Sison at buong rebolusyonaryong kilusan. Boses ng mga militaristang heneral at mga lokal na ahente ng US sa gabinete ni Duterte ang nasusunod at hindi si Duterte bilang *commander-in-chief* sa usapin ng usapan para sa kapayapaan ng bansa. Kaisa sila ni Duterte sa pagpapasuko, kooptasyon, panghahati at pagpapahina sa buong rebolusyonaryong kilusan tulad ng bigong pangarap ng AFP na papanghinain ito sa loob ng tatlong buwan.

Sa pagpapakana ng *localized peace talks,* sinasagkaan ni Duterte ang pagtungo sa isang pagkakasundong nakatuntong sa paglutas sa mga panlipunang ugat ng kahirapan sa bansa. Ang mga usaping nilulutas sa peace talks ay mga usaping pambansa na malulutas lamang sa isang pambansang negosasyon. Kabilang dito ang kawalan ng tunay na reporma sa lupa at atrasadong ekonomya na lulutasin sana ng ARRD at NIED. Ngunit pinakikitid ni Duterte ang mga ito bilang mga 'lokal na usapin' upang pagtakpan ang kapabayaan ng kanyang rehimen. Pinakikilos nito ang mga lokal na gobyernong kumakatawan sa mga lokal na naghaharing-uri laban sa umiigting na pakikibaka ng mamamayan kapalit ng naglalakihang pondong inilaan sa engrandeng programa ng DILG, OPPAP at AFP.

Nagkakaisa ang lahat ng komand sa TK sa ilalim ng Melito Glor Command sa paninindigang walang localized peace talks na magaganap saanmang bahagi ng rehiyon at tinukoy ng mga ito sa kanilang pamamahayag na bibiguin nila ang tusong pakanang ito ng rehimen at AFP. Sa desperasyon ng SOLCOM at mga lokal na gobyerno, nagkukumahog sila sa pamumulot ng dati nang mga surenderi at pamimilit sa mga ordinaryong sibilyan upang magpanggap na mga kumander ng BHB na nais lumahok sa usapan o 'magbagong buhay' sa balangkas ng mapanlinlang na mga repormang kanilang inilalako kapalit ang kakarampot na suhol. Sa Mindoro, pinakikilos na ng lokal na PNP at mga yunit ng AFP ang mga lokal na pamahalaan hanggang antas-barangay upang maglunsad ng *localized peace talks.* Kasabay nito, pinaiigting rin ng mga yunit sa ilalim ng 2nd ID ang mga operasyong militar sa kanayunan sa anyo ng sustinidong operasyong kombat at pagtatayo ng *tactical bases* sa tabing ng mga PDTs para gipitin ang

mga yunit ng BHB na makipag-usap tulad sa Batangas, Mindoro, Palawan at Quezon.

Malaon nang napatunayang bangkarote ang pakanang ito ng rehimen na kung tutuusi'y dating pamamaraan na ng mga nagdaang rehimen mula pa kay Corazon Aquino. Malaon nang nanindigan ang PKP, BHB at NDFP na hindi ito kailanman paiilalim sa mapanghating *localized peace talks.* Tanging ang NDFP lamang sa pamamagitan ng panel ng mga negosyador nito at ng NDFP Chief Political Consultant ang kinikilala ng buong rebolusyonaryong kilusan sa TK bilang tanging awtoridad na kumakatawan sa buong kilusang rebolusyonaryo sa Pilipinas sa *peace talks* sa GRP.

Sa mahabang kasaysayan ng pakikibaka laban sa nagpalit-palitang rehimen, pinatunayan ng NDFP ang kaseryosohan sa pag-upo sa peace talks na pangunahing dahilan sa pagkamit nito ng papalaking suporta mula sa mamamayang Pilipino. Ang malakas na suportang ito ang nagdala sa NDFP sa kapantay na posisyon ng GRP at pandaigdigang pagkilala bilang isang pwersang nakikidigma (belligerent force) sa Pilipinas. Itinaguyod nito at ipinaglaban ang saligang karapatan ng mamamayan na nilaman ng CARHRIHL at iba pang panimulang kasunduang binuo ng magkabilang-panig. Isinusulong nito ang tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon bilang pangunahing interes ng masang api laluna ng masang anakpawis.

Tulad ng sinapit ng lahat ng nagdaang rehimen, tiyak na mabibigo ang pakanang *localized peace talks* ni Duterte. Pakana lamang ito ng mga kontra-rebolusyonaryo at kontra-mamamayan para pigilin ang makatarungang pakikibaka ng bayan para sa demokrasya at kalayaan. Dapat na magkaisa ang mamamayang ilantad, labanan at biguin ang mapanlinlang na pakanang ito ng rehimen. Dapat nilang mabatid at unawaing hindi kailanman malulutas ng mga *localized peace talks* ang sumasahol na suliraning panlipunan sa bansa. Kasabay nito, dapat magiting na labanan at biguin ng mga yunit ng BHB ang kabilang talim ng localized peace talks at bigong pangarap ng AFP na durugin ang rebolusyonaryong kilusan.

## 1969-74: Panimulang paglalatag ng rebolusyonaryong kilusan at pagtatatag ng Partido sa TK

Taon 1964 nagpasimulang lumaganap ang rebolusyonaryong binhi sa hanay ng mga kabataan at propesyunal sa Timog Katagalugan. Naitayo ang mga balangay ng Kabataang Makabayan (KM), Samahang Demokratikong Kabataan (SDK) at Kabataang Gabay ng Bayan (KGB) sa ilang probinsya sa rehiyon. Sa UPLB, itinayo ng mga aktibista ng KM ang mga progresibong organisasyon tulad ng UP Nationalist Corps at UPCA Cultural Society.

Huling kwarto ng 1969 binuo ng Komite Sentral ng Partido ang Pansamantalang Komiteng Rehiyon ng Timog Luson (PKR-TL) na sumasaklaw sa mga rehiyon ng Timog Katagalugan at Bikol. Kagyat na sinimulan ng komiteng ito ang pagsisiyasat ng mga lugar na mapaglulunsaran ng armadong pakikibaka. Sing-aga ng 1971, nakapagtalaga na ang Partido ng mga kadre mula sa kabataang-estudyante sa ilang mga bayan at probinsya sa rehiyon upang ihanda ang mga ito para sa paglulunsad ng armadong pakikibaka. Makalipas lamang ang isang taon ay maitatayo ang unang apat na Sandatahang Yunit Pampropaganda (SYP) sa rehiyon.

Sa mga kalunsuran at kabayanan ng TK, nilikha ng Sigwa ng Unang Kwarto ng 1970 ang mainam na kondisyon para sa mabilis at masiglang paglawak ng rebolusyonaryong kilusan. Sa sumunod na mga taon at matapos ang suspensyon ng rehimeng Marcos sa *writ of habeas corpus* at kasunod ay ang deklarasyon nito ng Batas Militar sa bansa, nanawagan ang mga kadre ng rehiyon ng pagtungo sa kanayunan ng mga kadre't kasapi na kumikilos sa kalunsuran. Masigla itong tinugon ng malaking bilang ng mga pwersa mula sa lungsod kabilang ang mga nagmula sa Maynila.

Matinding panunupil ang hinarap ng batang Partido at Hukbo sa rehiyon sa unang mga taon ng pag-iral ng Batas Militar ni Marcos. Nagtamo ito ang malalaki at mapapait na pinsala bunga ng maramihang pagkahuli at pagkapaslang. Tanging ang mga yunit sa Hangganang Quezon-Bicol lamang ang nakapanatili at nakapagpatatag ng Hukbong Bayan at magpapanday ng panibagong mga binhing ipalalaganap sa buong rehiyon sa mga susunod na taon.

Hinarap ng batang Partido sa rehiyon ang matitinding pagpigil ng pasistang diktadurang US-Marcos ang panimulang pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan laluna ang pagtatatag ng mga sandatahang yunit ng Hukbong Bayan. Kasabay ng pagbubuo ng mga SYP, sinuklian ito ng armadong pwersa ng reaksyunaryong estado ng mararahas na mga operasyong militar. Ngunit ang Partido at Hukbong nakabinhi na sa hanay ng mamamayan ng TK ay patuloy na umugat at nagbunga ng panibagong mga kadre at yunit na magsisilbing panibagong mga binhi para sa higit pang pagpapalaganap ng rebolusyon sa buong rehiyon.

*Una sa serye ng mga artikulo sa pagbabalik-tanaw sa kasaysayan ng rebolusyonaryong pakikibaka sa rehiyon para sa nalalapit na ika-50 taong anibersaryo ng Partido.*

# Sa SONA ni Duterte: Nagbabadya ang seryosong bitak sa kampong Duterte at ibayong paglaban ng mamamayan sa buong bayan

Jaime "Ka Diego" Padilla

Tagapagsalita, Melito Glor Command, New People's Army – Southern Tagalog

Walang maaliwalas na bukas para sa sambayanang Pilipino, bagkus ibayong paglala ng krisis at kalagayan ng lipunan ang buod ng mensahe at pahayag ni Rodrigo Duterte sa kanyang State of the Nation Address (SONA). Ipinahayag niya ang mga plano niya para sa bansa na walang ibang makikinabang kundi ang mga lokal na naghaharing-uri at imperyalistang US. Tuso niyang iniba ang konteksto ng SONA para pagtakpan ang kanyang mga kapalpakan at kabulukan bilang reaksyunaryong pangulo ng Government of the Republic of the Philippines (GRP).

Higit sa mga boladas ni Duterte sa kanyang SONA, nagbabadya ang mas seryosong bitak at pagkatipak ng *supermajority* ng naghaharing paksyong Duterte sa Kamara sa ginawang kudeta ni Gloria Arroyo at mga kabig niya para patalsikin si Alvarez bilang Speaker. Sa Senado, nauna nang nagmaniubra ang mga kabig ni Duterte para patalsikin si Coco Pimentel bilang Senate President at palitan ni Soto. At ngayon naman, nagpapakanang agawin kay Pimentel ang pamumuno sa PDP-Laban ng mga kabig ni Sara Duterte at itulak ang maramihang paglipat tungo sa Partidong Hugpong ng Pagbabago ng huli.

Inilalantad lamang nito ang seryosong bitak at maniubrahan ng iba't ibang paksyunal na interes sa loob ng naghaharing paksyong Duterte na pinapakana't sinusulsulan ni Sara Duterte, anak ng presidente at alkalde ng Davao City. Lalo lamang nahuhubad ang nakaririmarim na pagkagahaman ng iba't ibang paksyon ng naghaharing uri sa kapangyarihan at sa dambong na yamang paghahati-hatian sa kapinsalaan ng mamamayan.

Ang huling kaganapan sa SONA at mga pusisyunan pagkatapos ay naghahayag ng papaigting na sigalutan at namumuong krisis sa pulitika.

Sa isang banda, pinapakana ng rehimen na ilusot ang pagbabago ng reaksyunaryong konstitusyon tungong pederalismo para ilatag ang kanyang otokratikong paghahari at bigyan-daan ang pagtatayo ng panibagong diktadura. Samantala, pailalim nyang itinutulak ang pagpapalakas ng alyansa sa paksyong Arroyo, Marcos at Estrada—isang alyansa ng mga pasista't mandarambong upang suhayan ang kanyang paghahari at pusisyon sa pulitika.

Hindi na kayang pagtakpan ng mga boladas at pangako ni Duterte sa kanyang SONA ang lumulubhang panlipunang krisis na nakatakdang sumambulat sa mga ga-higanteng protestang bayan upang patalsikin ang papet, pasista at otokratikong rehimen.

Labis na nakakagalit ang walang-kahihiyang pagsuko ni Duterte sa China sa soberanya ng Pilipinas sa *exclusive economic zone* sa West Philippine Sea. Habang nagsisiga-sigaan ito sa mata ng mamamayang Pilipino, bahag-ang-buntot namang tupi ito sa harap ng China. Higit pa, asta lamang ang anti-US na mga retoriko ni Duterte habang maamong tupang tagasunod sa dikta ng US at pulubing namamalimos sa ayudang militar at ekonomiko ng gubyernong Trump.

Nauna niyang ipinahayag ang pagpapatuloy at pagpapaigting ng kanyang gera-kontra-iligal na droga. Palalalain niya ang pamamaslang at inhustisya sa bansa na walang kawangis at walang ibang pinupuntirya kundi ang mga maliliit na adik at tulak ng droga habang nakalalaya at di napananagot ang mga drug lord, sindikato at mga protektor nito sa loob at labas ng gobyerno na nasa kanyang proteksyon. Ang gera sa droga ni Duterte ay walang iba kundi gera para solohin ang iligal na *drug trade* sa pamamagitan ng paglilinis sa mga karibal ng kanyang kapamilya at alipuris. Kaya't pawang mga kaswalting kolateral ang turing sa mga biktima ng kanyang *drug war* na di karapat-dapat ng anumang proteksyon ni karapatan bilang tao.

Ipinangalandakan niya ang pagpuksa sa kurapsyon sa loob ng kanyang administrasyon. Subalit sa huling sandali bago maganap ang SONA, litaw na litaw ang kanyang kawalan ng hakbangin upang panagutin ang kutsabahan at kurapsyon sa loob ng kanyang gobyerno na ibayo pang nagpalala sa katiwalian at kurakot sa loob ng kanyang administrasyon. Bandang huli, wala siyang ibang pinapaboran kundi ang mga kaibigan, kamag-anak at kaalyado niya sa pulitika.

Ang mga pangako niya sa Mindanao ay pawang mga pangako para sa mga lokal na burukrata, dayuhang negosyante at imperyalistang US. Ang ipinagmamayabang niyang niratsadang Bangsamoro Organic Law ay hindi tumutugon ni nagtatanggol sa interes ng mamamayang Moro. Hindi kinilala ni Duterte ang pagpapasya sa sarili ng Bangsamoro, bagkus ay ibinukas pa ang kanilang rehiyon sa monopolyo at paghahari ng mga lokal na naghaharing-uri sa bansa.

Ang mga proyektong itinatayo sa Mindanao, partikular sa Marawi City, ay upang bigyang-daan ang malaya at lihim na operasyon ng mga tropang Amerikano sa bansa at gawing gatasan ng malalaking dayuhan at lokal na negosyo.

Walang tunay na kaunlaran para sa Mindanao. Tahasang ibinuyangyang ni Duterte ang rehiyon para sa pandarambong ng mga dayuhang negosyante. Nananatiling nasa ilalim ng Martial Law ang Mindanao sa tabing ng banta ng ISIS at di-umano mga teroristang grupo gayong ang naghasik ng kaguluhan sa isla ay ang teror at pasismo ng AFP at PNP, katuwang ang mga sundalong Amerikano. Ang kabaliwan ni Duterte ang nagwasak sa Marawi City at nagtulak sa kanya na ayusin muli ito. Ngunit ang ibayong nagdusa ay ang mamamayang Moro at Pilipino na nawalan ng tirahan, ari-arian at mga kamag-anak sa Marawi. Kung gayon, ang tunay na terorista ay walang iba kundi ang rehimeng US-Duterte. Higit pa, patuloy na dumaranas ang mga Lumad sa Mindanao sa ilalim ng pasistang paghahari sa rehiyon.

Napako ang pangako ni Duterte para sa mga migranteng Pilipino dahil nananatiling walang trabaho na naghihintay sa bansa. Gayundin sa milyun-milyong manggagawang Pilipino na nananatiling kontraktwal. Ipinagmamayabang ni Duterte na 300,000 na ang niregular na manggagawa subalit sa Timog Katagalugan, sa kabila ng pahayag ng DOLE na i-regular ang 30,000 manggagawa, nananatili silang kontraktwal. Ang Executive Order 51 ni Duterte ay hindi nagtatanggol sa karapatan ng manggagawa kundi patuloy na pagtali sa mga manggagawa sa iskema ng pleksibilisasyon ng paggawa. Dahil wala siyang intensyon na alisin ang kontraktwalisasyon sa bansa, ipinasa niya sa anti-mamamayang Kongreso ang pagsasabatas nito para takasan ang pananagutan sa uring manggagawa.

> ***"Panahon nang magkaisa at kumilos ang ang pinakamalawak na hanay ng sambayanang Pilipino para pabagsakin ang rehimeng US-Duterte."***

Hindi na rin maibabalik sa mga magniniyog ang ninakaw sa kanilang Coco Levy Funds. Bilang panakip-butas, itatayo ni Duterte ang Coconut Farmers Trust Fund na walang ibang layunin kundi magsilbing gatasan ng mga panginoong maylupa, koprada at mga kakutsaba nito sa lokal na ahensya at gobyerno.

Ipinagmayabang din ni Duterte ang rehabilitasyon ng Boracay at pagpapatigil sa pagmimina sa bansa. Ipatutupad niya ang National Land Use Act para di-umano maresolba ang problema sa pagkain, pabahay, pagnenegosyo at pangangalaga sa kalikasan ngunit magbibigay-daan lamang ito sa monopolyo ng lupa ng mga panginoong maylupa at pagtitiyak ng interes ng mga dayuhang negosyante sa yaman ng ating bansa.

Samantala, hindi pa nakuntento sa pahirap na ipinapapasan sa mamamayan ng TRAIN LAW, iniutos na naman ni Duterte ang dagdag na pakete sa pagbubuwis sa ikalawang bersyon ng TRAIN Law sa pagtatapos ng taong ito. Walang ibang kahahantungan ang mamamayang Pilipino kundi pagdarahop sa patuloy na paglala ng kahirapan dahil sa patuloy na pagsirit ng presyo ng mga pangunahing bilihin. Tataas rin lalo ang singil sa buwis sa karaniwang mamamayan habang kikita ang mga burgesya kumprador at dayuhang negosyante.

Tahimik si Duterte sa usapin ng paglutas sa ugat ng armadong tunggalian sa bansa at ng pagsira niya sa *peace talks* ng GRP sa NDFP sa pamamagitan ng Proklamasyon 360. Nagpakana siyang sagasaan ang mga nabuo nang bilateral na kasunduan sa pagitan ng GRP at NDFP tulad ng The Hague Declaration sa paggigiit na sa Pilipinas gawin ang negosasyon, na di na kailangan ang isang *third party facilitator* at ng pagpapauna ng kasunduan sa isang matagalang tigil-putok bago ang anupamang kasunduan sa mahahalagang repormang panlipunan sa ekonomiya, pulitika at konstitusyunal at pagpapalaya't *amnesty* sa lahat ng detenidong pulitikal na nasa lista ng NDFP.

Binale-wala din ni Duterte ang mga pinagkasunduan at pinirmahan ng magkabilang panel sa *back channel talks* at kinansela ang ika-5 serye ng pag-uusap para pirmahan sana ang mahalagang kasunduan sa dalawang seksyon ng CASER hinggil sa Repormang Agraryo at Pag-unlad ng Kanayunan at hinggil sa Pambansang Industriyalisasyon at Pag-unlad ng Ekonomiya. Sa halip, isinusulong ni Duterte ang lokalisadong *peace talks* na isang tusong pakana upang bitagin ang mga rebolusyonaryo sa kapitulasyon at talikuran ang anumang intensyon para sa makabuluhang repormang panlipunan, ekonomiko at konstitusyunal at makamtan ang hustisyang panlipunan para sa aping mamamayan.

Malinaw na ipinapakita ng mga kaganapang ito na walang maasahang kaunlaran ang mamamayang Pilipino habang nagpipiyesta ang mga buwitreng lokal na naghaharing-uri at imperyalistang US sa mga patakarang ipinapatupad at ipapataw ni Duterte. Panahon nang magkaisa at kumilos ang pinakamalawak na hanay ng sambayanang Pilipino para pabagsakin ang rehimeng US-Duterte.

Nanawagan ang Komiteng Rehiyon ng Partido sa TK at MGC sa lahat ng mga kadre't kasapi ng Partido, mga Pulang kumander at mandirigma sa ilalim ng iba't ibang kumand ng NPA at sa buong rebolusyonaryong mamamayan sa rehiyon na ibayong itaas ang kapasyahan para sa isang buhay at kamatayang pakikibaka sa harap ng nag-iibayong pasistang karahasan at nagbabangong diktadurya ng rehimeng US-Duterte. Higit na pag-ibayuhin ang kilusang antipasista, anti-imperyalista at antipyudal sa buong bayan upang ibagsak ang rehimeng US-Duterte at isulong ang digmang bayan tungong abanteng subyugto ng estratehikong depensiba upang makasulong sa bungad ng estratehikong pagkapatas.

## Batangas: pugad ng mga anti-mamamayang negosyo ng mga pinakamalalaking naghaharing-uri sa bansa

Nagkakandarapa ang rehimeng US-Duterte kasabwat ang mga malalaking burgesya kumprador at dayuhang mamumuhunan sa pagtatayo ng samu't saring mga negosyo sa Batangas lalupa't estratehiko ang pusisyon nito bilang isa sa mga probinsyang pinakamalapit at nasa tarangkahan ng Maynila. Pinagpupugaran sa kasalukuyan ang Batangas ng mga dambuhala at grandyosong proyekto at negosyo tampok ng mga pinakamalalaking naghaharing-uri sa bansa tulad nina Henry Sy, Puyat, Zobel, Aboitiz, Consunji, Roxas at Danding Cojuangco. Subalit sa kabila ng mga umaarangkadang proyekto ng rehimen, daandaang mamamayang Batangueno ang apektado rito kung saan laganap ang demolisyon, pagpapalayas, militarisasyon, pandarahas at panggigipit sa kanila.

Matingkad sa mga anti-mamamayang negosyong ito ang pagtatayo ng SM at *development projects* ni Henry Sy sa Nasugbu, ni Federico Campos III sa Laiya Aplaya at ang isasagawang pribadong *coastal development* at pagtatayo ng mga circumferential road na magpapalayas sa libong mamamayan ng San Juan, Lobo at Balayan. Pinalayas din ang mga mamamayan ng barangay ng Baha at Talibayog sa Calatagan dahil sa proyektong mina ng Asturias Chemicals Inc ni Ramon Ang. Pagkawasak naman sa kalikasan at kabuhayan ang idinudulot ng mga operasyong *quarry* ng Portugal, Lopez, Villena, Golden Shovel Land Development Service at First Balfour sa Taysan, at ng mga itinayong planta ng *natural gas* at karbon sa lalawigan. Sa kabuuan, bumibilang na sa sampu ang engklabong nakatayo sa probinsya: tatlo sa Sto. Tomas, tigdalawa sa Bauan at Malvar, at tig-isa sa San Pascual, Tanauan at Batangas City. Sangkot naman ang mga nasa lokal na reaksyunaryong gubyerno ng lalawigan sa proyektong fish landing center sa Lian, pribatisasyon ng mga pamilihang bayan sa Cuenca, Sto. Tomas at Lipa, Batangas Port Expansion Project ng gobernador na si Mandanas, at sa pagpapapasok sa mga dayuhang mamumuhunan sa Batangas International Port.

Dinarahas at ginigipit ang mga magsasaka sa Hacienda Looc at mga magsasakang kinakamkaman ng lupa ng Diamond Group of Companies Incorporated, mga mangingisdang kinitlan ng karapatang maghanapbuhay, at mga manininda sa mga daungan at mga pamilihang bayan. Lalo ring tumitindi ang mga operasyong militar ng PAF at PNP sa lalawigan upang protektahan ang mga negosyo ng kanilang mga among malalaking burgesya kumprador at dayuhang mamumuhunan.

Ayon kay Apolinario Matienza, tagapagsalita ng Eduardo Dagli Command-BHB Batangas, "ang sabwatan ng tatlo: malaking burgesya kumprador- Philippine Air Force/Philippine Army-Local Government Unit, ang siyang nagpapahirap sa dati nang naghihirap na kalagayan ng mamamayan. Nakahanda ang NPA Batangas na tumugon sa papalakas na panawagan ng mamamayan laban sa pasistang militar ng rehimeng Duterte at mga pinoprotektahan nitong naghaharing-uri at patuloy itong magpupunyagi upang kamtin ang malaking bigwas laban sa mga kaaway ng mamamayan tungo sa pagkakamit ng pinakamimithing hustisya at katarungang panlipunan hanggang sa maitayo ang isang tunay na demokratikong gubyernong bayan!"

## Mamamayan ng TK nag-Lakbayan para patalsikin ang rehimeng US-Duterte

Sa okasyon ng ikatlong State of the Nation Address ni Duterte, naglakbay ang aabot sa 800 mamamayan ng TK sa temang "Lakbayan ng Mamamayan Laban sa Kahirapan, Lakbayan para sa Hustisya, Demokrasya, Kalayaan at Makatarungang Kapayapaan!". Sa pangunguna ng BAYAN-ST, nilayon ng Lakbayan na ipakita ang lakas at determinasyon ng mamamayan ng rehiyon para itambol ang pakikibaka laban sa pasistang rehimeng US-Duterte. Nagsimula ang Lakbayan ng Mamamayan sa Laguna, Rizal, Cavite at lumundo ito sa Kamaynilaan. Noong Hulyo 21, nagkilos-protesta ang mga Lakbayani sa embahada ng US at Tsina kung saan marahas silang dinispers ng mga pulis habang nagsasagawa ng programa.

Sa mismong araw ng SONA, lumahok ang mga Lakbayani mula TK sa People's SONA upang ipanawagan ang pagpapatalsik kay Duterte dahil sa kawalan ng tunay na pagbabago sa bansa at pagpapatupad nya ng kontra-mamamayang patakaran tulad ng TRAIN Law. Bago ito, nagsagawa ang mga Lakbayani ng State of the Region Address sa Philcoa, Diliman, Quezon City upang ipakita ang kalagayan ng mamamayan ng rehiyon sa ilalim ng rehimeng US-Duterte.

Nagsagawa rin ng serye ng mga aktibidad ang iba't ibang uri't sektor ng rehiyon bago ang aktwal na SONA. Naglunsad ng ST Youth Parliament noong Hulyo 7-8, sa pangunguna ng Kabataan Partylist, na dinaluhan ng aabot sa 250 myembro ng Sangguniang Kabataan (SK), kabataan at estudyante sa buong rehiyon sa Unibersidad ng Pilipinas Los Baños. Samantala, ginanap naman noong Hulyo 17 ang State of the Worker's Address at State of the Women's Address. Sa araw ding iyon inilunsad ang State of the Region Address sa Sta. Rosa, Laguna.

Naglunsad din ang mamamayan ng TK ng forum hinggil sa kalagayan ng mga manggagawa na dinaluhan ni Bayan Muna Congressman Carlos Zarate, konsultasyon sa mga Dumagat hinggil sa itatayong mga dam sa Gen. Nakar sa Quezon, at kampuhan ng mga magsasaka sa Tartaria at Silang sa Cavite. Noong Hulyo 10 naman, binuo ang Philippine Ecumenical Peace Platform sa Lipa, Batangas na dinaluhan ng mga taong simbahan para sa patuloy na pagpapanawagan sa pagtutuloy ng usapang pangkapayapaan.



## Tatlong sundalo ng 1st IBPA, napatay sa labanan sa Batangas

Binigwasan ng isang tim ng Eduardo Dagli Command-BHB Batangas ang nag-ooperasyong pwersa ng 1st IBPA sa hangganan ng mga sityo ng Tagbakan, Puting-uway at Manyakap sa Brgy. Calubcob 2, San Juan noong Hulyo 30. Hindi bababa sa tatlong sundalo ang napatay at marami ang nasugatan.

Ayon kay Apolinario Matienza, tagapagsalita ng EDC, malaon nang isinusuka ng mamamayang Batangueno ang pananatili ng mga kampo militar sa lalawigan, paglulunsad ng mga operasyong pangkombat na naghahasik ng teror sa mga residente. Ginagamit ding kasangkapan ng debeloper na si Federico Campos, III ang 1st IBPA sa pandarahas at pagpapalayas sa mamamayan ng Laiya Aplaya.

## Ambus at haras, matagumpay na inilunsad ng BVC-BHB Palawan

Dalawang pulis ang napatay sa matagumpay na ambus ng Bienvenido Vallever Command-BHB Palawan sa Brgy. Bato, Taytay noong Hulyo 22. Kinilala ang mga namatay na sina PO3 Alexander Mimbalawag at PO1 Julpitri Gustaham, taga-Brgy. Inugbong na kamag-anak ni Mayor Abe ng Taytay at kilalang palaban sa rebolusyonaryong kilusan.

Samantala, matagumpay ding pinasabugan ng dalawang granada ng BVC ang mga kubong tinatambayan ng mga Marines sa loob ng *battalion headquarters* ng 12th Marine Battalion Landing Team sa Brgy. Minara, Roxas noong Hulyo 7.

Inilunsad ang taktikal na opensiba laban sa 12th MBLT sa gitna ng tuluy-tuloy na panggigipit at pandarahas nito sa mamamayan ng Roxas. Inaakusahang kasapi o tagasuporta ng BHB ang mamamayan dito at sapilitan silang pinapasuko.

## Apat na mga notoyus na asset ng SOLCOM, inisparo ng AMC

Ipinagbunyi ng rebolusyonaryong mamamayan ng Quezon ang paggagawad ng rebolusyonaryong hustisya ng Apolonio Mendoza Command-BHB Quezon laban sa apat na notoryus na mga *asset* ng Armed Forces of the Philippines sa lalawigan.

Inisparo ng AMC sina Efren Aguila at Marvin Flores sa magkahiwalay na operasyon nito sa Bondoc Peninsula noong Hulyo 19; si Juanito Javier, Jr sa Plaridel noong Hulyo 12; at si Roberto Orugo sa Gumaca noong Hulyo 6.

Si Aguila ang nagpakubkob sa yunit nina Gilbert "Ka Ipe" Tigas noong Marso 2010 kung saan nasawi si Ka Ipe at isang sibilyang konsehal ng Padre Burgos. Pinakubkob naman ni Flores, isang aktibong CAFGU, ang isang yunit ng Pulang hukbo na naging dahilan ng pagkamartir nina Edilberto "Ka Enteng" Escudero at Roval "Ka Elor" Belario noong Nobyembre 2007 sa San Narciso. Binugbog naman ni Javier ang isang Pulang mandirigma at matapos ay pinakulong ito. Samantala, sangkot naman si Orugo sa paggiya sa mga nag-ooperasyong sundalo sa kinaroroonan ng BHB noong 2008, sa pagtuturo sa mga nakatagong baril ng BHB kapalit ng P150,000 at sa pagpapahuli sa ilang mga Pulang mandirigma ng AMC.

Samantala, kumpirmadong limang sundalo ng 85th IBPA ang napatay sa aktibong depensa ng AMC-BHB Quezon noong nakaraang buwan, June 15. Labinlimang elemento ng mersenaryong militar na nagpapatrulya sa Sityo Guiting, Brgy. Lavidez, General Luna ang kanilang nakalaban.

## Pasistang militar, patuloy na dinarahas ang mamamayang Batangueño

Marahas at iligal na dinemolis ng mga *security guard* ang mga tahanan ng mga mangingisda at magsasaka sa Sityo Balacbacan Brgy. Laiya Aplaya, San Juan, Batangas noong Hulyo 23. Pitong residente ang nasugatan at pitong bahay ang winasak ng 450 kataong *demolition crew* ng JPS agency na inupahan ni Federico Campos, III. Kabilang sa mga ginamit na *demolition crew* ang mga mag-aaral ng *senior high school* na nilinlang ng mga lokal na upisyal na kasapakat ni Campos. Kasabwat din sa nasabing demolisyon ang 1st IBPA na nagtayo ng kampo sa naturang lugar at nag-*checkpoint* at operasyon dalawang magkasunod na araw bago ang naganap na demolisyon, Layunin ng demolisyon na bigyang-daan ang pagpapatayo ng *resort* at iba pang proyektong pang-ekoturismo ng Laiya Development Corporation, Aplaya Laiya Corporation at Macaria Development Corporation.

Noon namang Hulyo 30, matapos ang naging labanan sa pagitan ng Eduardo Dagli Command-BHB Batangas at 1st IBPA sa Brgy. Calubcob 2, San Juan (tingnan ang kaugnay na artikulo sa Balitang TO), kaagad na hinamlet ng pasistang militar ang buong erya at pwersahang pinalikas ang humigit-kumulang isang libong residente. Tatlong araw na nilimitahan ng mga sundalo ang mga galaw ng mga bakwit sa evacuation center kung saan wala silang maayos na tulugan at sapat na pagkain. Tinutukan ng baril at hinalwat ng militar ang mga dala ng ilang residente na nagpupumilit na umakyat sa bundok para sa kanilang mga alagang hayop. Isang sibilyan naman ang kanilang sinet-up upang may maaakusahan sa naganap na labanan. Dagdag pa,



12 residente ang pinangalanan at inihiwalay sa mga nagbakwit.

Samantala sa iba pang mga bayan sa Batangas, inokupa ng humigit-kumulang 20 elemento ng 730th CG-PAF ang barangay hall ng San Diego sa Lian noong Hulyo 5. Bago pa ito, hinaras ng mga militar ang 18 estudyante ng Pamantasan ng Lungsod ng Maynila na noon ay naglulunsad ng *community health program* sa nasabing lugar. Pinagbintangang mga kasapi ng BHB ang mga mag-aaral.

Sa bayan ng Calaca, gumagala ang mga militar sa Brgy. Coral ni Lopez at tinatakot at dinarahas ang mga lider magsasaka dito. Isang kabataan naman ang nagtatakbo sa takot dahil sa pagkuha ng mga sundalo ng litrato sa kanya sa Brgy. Sales noong Hulyo 2. Nakaamba namang itayo ang isang detatsment ng 730th Combat Group ng Philippine Air Force sa Brgy. Quizumbing. Nararanasan na rin ng mamamayan ng Brgy. Dacanlao ang pagpapatupad ng Oplan Kontra Tambay ng rehimeng US-Duterte.

## Sasakyan ng QRT ng Karapatan-Quezon, binaril ng 85th IBPA

Binaril ng mga elemento ng 85th IBPA ang sasakyan ng *quick response team* ng Karapatan-Quezon na rumeresponde sa naging labanan sa pagitan ng Apolonio Mendoza Command-BHB Quezon at AFP sa Brgy. Montes Callagan, Atimonan noong Hulyo 27. Walang nasaktan sa mga nag-QRT maliban sa sumabog na gulong ng sasakyan na naging sanhi ng pagkaantala ng kanilang pagresponde.

Samantala, lumikha ng takot sa mga estudyante at residente ang paghimpil ng 85th IBPA sa paaralang elementarya ng Magsaysay, Mulanay noong Hunyo 26. Bago ang isinagawang paghimpil, nagpanggap na mga kasapi ng BHB ang mga sundalo kina Evelyn Peñafranca at sa *senior citizen* na si Severino Peñafranca na pilit nilang isinasama para makausap at matanong tungkol sa BHB. Nang hindi ito sumama, nagbihis na ang mga sundalo ng kanilang uniporme at humimpil sa nasabing paaralan.

## Demolisyon, pananakot at pagbabanta sa mga residente ng Calamba, Laguna

Dinemolis ng awtoridad gamit ang *backhoe* ang mga tirahan ng mga residente sa Real, Calamba, Laguna noong Hulyo 6. Nagdeploy ang pulisya ng mga armadong pwersa nito para pigilan ang paglaban ng mga residente. Isa sa mga pulis ang nagkasa ng kanyang baril habang isa naman ang nagbantang huhulihin ang isang boluntir ng BAYAN–ST.


Samantala, noong Hulyo 16, isang pinaghihinalaang ahente ng estado ang namataang naniniktik sa upisina ng Anakpawis sa Pulo, Cabuyao, Laguna.

## Peace and Humanitarian mission sa Sierra Madre, ginipit ng mersenaryong militar

Ginipit ng Bravo Company ng 92nd IB ang mga kasapi ng Protect Sierra Madre Peace and Humanitarian Mission noong Hunyo 30 sa Singawan, Umiray Village, Dingalan, Aurora. Isinagawa ang misyon para magbigay ng mga pagkain, damit at iba pang tulong sosyal sa mga napalayas na Dumagat. Humigit-kumulang 600 Dumagat ng Sierra Madre sa Aurora, Quezon at Rizal ang apektado ng malawakang operasyong militar.

### Talahulugan ng mga kaso ng paglabag sa mga sibil at pulitikal na karapatan

**Arbitraryo o Iligal na Detensyon**



Iba't ibang porma ng pagkakait ng kalayaan ng isang indibidwal sa pamamagitan ng kulungan o kahi anumang pamamaraan- arbitraryo, hindi makatwiran o hindi naaayon sa batas. Kabilang dito ang:

- pagkukulong ng walang ligal na batayan
- iligal na pagkukulong na ginawang ligal (huling pagsasampa na kaso)
- huling pagdadala ng inarestong indibidwal sa nararapat na awtoridad lagpas sa panahong pinahihintulutan ng batas
- mga katulad na detention tulad ng *solitary confinement, incommunicado*; pagkukulong sa tahanan na may mga seryosong restriksyon sa kalayaan sa pagkilos; hindi totoong "boluntaryong pagkokustodiya; o hindi makatwiran, pagkakait, paglabag o pang-aabuso sa writ of habeas corpus.




## Manggagawa ng San Miguel at Magnolia, nagkilos-protesta

Sinugod ng mga manggagawa ng San Miguel Yamamura sa pangunguna ng LIGA ng Manggagawa Para sa Regular na Hanapbuhay (LIGA) at Pagkakaisa ng Manggagawa sa Timog Katagalugan (PAMANTIK)-KMU ang provincial office ng DOLE sa Cavite. Iginiit nila ang desisyon ng DOLE na inspeksyunin ang kanilang pagawaan na deka-dekada nang nagpapatupad ng kontraktwalisasyon ng maraming manggagawa ng San Miguel Yamamura sa Imus, Cavite.

Samantala, mahigit isang daang manggagawa ng Magnolia Inc. naman ang nagprotesta upang ipaglaban ang makatarungang sahod at kanilang karapatan sa trabaho. Sumasahod lamang ng P373 kada araw ang mga kontraktwal ng Magnolia sa General Trias, Cavite.

Sa Laguna, noong Hulyo 3, inilunsad ng mga manggagawa at kanilang mga tagasuporta sa pangunguna ng LIGA-PAMANTIK-KMU ang isang vigil bilang anyo ng protesta sa tapat ng PNP Biñan. Kinundena nito ang muling pagbubuwag ng mga pulis sa piket ng mga manggagawa ng Middleby Philippines Corporation at ang iligal na pag-aresto sa pitong manggagawa ng Middleby.

Naitayo rin sa kauna-unahang pagkakataon ang unyong TMA Workers Union-Independent ng mga manggagawa ng TMA Group Phils, Inc. sa Calamba Premiere International Park sa Calamba City.

## Pangalawang CBA ng mga manggagawa sa Fuji, matagumpay na naipanalo

Matagumpay na naipanalo noong Hulyo 18 ng unyong Lakas ng Nagkakaisang Manggagawa ng Fuji Electric Philippines-OLALIA-KMU ang pangalawang Collective Bargaining Agreement (CBA) nito sa pagawaan ng Fuji Electric Philippines Incorporated sa Carmelray Industrial Park I, Brgy. Canlubang, Calamba City, Laguna. Sa ipinaglabang CBA, maraming nakamit ang mga manggagawang dagdag na benepisyo at pagtaas ng kanilang sahod para sa taong 2018 hanggang 2020. Madadagdagan din ang araw ng kanilang *union leave with pay* mula sa dating 60 araw tungong 90 araw. Magkakaroon din ng pag-unlad sa iba pang mga benepisyo para sa mga manggagawang rank and file.

Ang Fuji Electric Philippines Incorporated ay pagawaan ng *diode, resistor, transistor*, at iba pang produktong nasa linya ng elektroniks na ieeksport sa ibang bansa. Unang naipagtagumpay ng mga manggagawa ang CBA noong Hulyo 2015 na nagresulta ng pagtaas ng kanilang sahod at pagkakaroon ng mga karagdagang benepisyo. Pinatunayan ng mga manggagawa na maipagtatagumpay nila ang kanilang laban sa pamamagitan ng kanilang nagkakaisang pagkilos.



## Drone
### ni Ka Remi

Limpak-limpak na salapi
Ang nasa likod ng mga lente
Mayroong lumilipad at umiikot
At ang marami ay nakatutok
Sinisilip ang mga sukal
Sinusuong ang mga sagabal
Animo'y mga kulisap
Kung minsa'y balatkayong ibon
Iba't ibang porma at sukat
Ngunit iisa lang ang nilalayon
'Yan ang tusong kagamitan
Para sa impormasyon at palatandaan
Nilikha ng mga kaaway na duwag
Na kung bumira'y hindi harapan
Bagama't mukhang makabago
Ito'y bulok nang estilo
Paniniktik at pananakot
Tanging sandata ng mga takot

Ating armas ay katapangan
Katatagan at karunungan
Sa harap ng anumang harang
At ating pag-ibig sa sambayanan
Ating lakas ay ang pagsalig
Ng masang hindi padaraig
'Di nauubusan ng pamamaraan
Lumalahok sa digmaan
Sila'y higit sa mga lente o anuman
Mata at tainga ng Bagong Hukbong Bayan
Sa mga bundok at mga danawan
Sa kagubatan at kalaan
Sa mga ilog at sapa
Sila ang matapat na intelihensya

'Pagkat batid ng mamamayan noon pa man
Ang tunay na hukbong nagtatanggol ng kasarinlan
Batid nila ang kanilang tungkulin
Sa pagtatagumpay ng digmang bayan

Kaya't walang puwang ang pagkasiphayo
Laging maging handa sa pagkatuto
Humarap ng buong giting at lakas
Tutuusin natin ang pagkapatas!